

---

***MGA MINATAMIS  
NA TALUDTOD***

---

# Bahaghari sa Bilao

May bahaghari sa bilaong paninda ni Lola.

Pula ang kulay ng maning panutsa  
na pinalutong ng pinakapúrong muskobado.

Kahel ang kulay ng kutsinta  
na nagtampisaw sa mangkok ng yema at niyog.

Dilaw ang kulay ng nilupak na balinghoy  
na naligo sa ginagad na keso.

Lunti ang kulay ng suman sa lihiya  
na naglalangis sa latik at bukayo.

Bughaw ang kulay ng putong ternate,  
tamis ay pinitas sa hardin ng aking ate.

Indigo ang kulay ng halayang kamote,  
kaysarap ipares sa pandesal at tsokolate.

Lila ang kulay ng ubeng kalamay,  
binudburan ng pinipig, nakakapaglaway!

Totoo, sa bilaong paninda ni Lola  
ay may nanunulay na bahaghari—

sa bawat tikim ay gumuguhit  
ang makukulay na ngiti ng mga suki.

## Tala:

- **Ternate** - isang asul bulaklak na tinatawag ding Butterfly Pea. Marami itong benepisyo sa kalusugan kaya't inihahalo sa pagkain at kung minsá'y ginagawang tsaá.

# Mga Lasa ng Aking Merienda

Nakilala ko ang asim  
mula sa kending sampalok.

Nakilala ko ang pait  
mula sa sabáang natostado.

Nakilala ko ang pakla  
mula sa bubot na kaimito.

Nakilala ko ang anghang  
mula sa sorbetes na may labuyo.

Nakilala ko ang askád  
mula sa pinatuyong durian.

Nakilala ko ang alat  
mula sa inasinang duhat.

Nakilala ko ang kulasím  
mula sa santol at bagoong.

Nakilala ko ang tabang  
mula sa hilaw na melon.

Nakilala ko ang tamis  
mula sa buslo ng aratiles  
na pinitas namin ni Lolo.

## Bahay na Kakanin

Gagawa ako ng bahay na kakanin,  
iyong pinakamalagkit at madikit na kakanin—

ang pader ay gawa sa biko,  
ang bubong ay puto-bubong,

ang pinto ay bibingka,  
ang mga bintana ay kutsinta,

ang mesa’y mapintog na butsi,  
ang mga upuan ay pichi-pichi,

ang lababo ay inutak,  
ang hagdan ay nilupak,

maja blanca ang higaan,  
espasol naman ang mga unan,

gawa sa kalamay ang dingding,  
ang sahig nama’y sapin-sapin.

Gagawa ako ng bahay na kakanin,  
iyong pinakamalagkit at madikit na kakanin—

baka sakaling dito’y mapagkit  
at hindi na maghiwalay

sina Nanay at Tatay.

# Bugtungan sa Sagingan

PANUTO:

Ipares ang mga panghimagas na nasa Hanay A sa mga bugtong na nasa Hanay B. Sinumang makatama ng anim ay may premyong isang piling ng saging!

Hanay A		Hanay B
Saging Con Yelo	●	● Saging na antukin, pahilik-hilik sa banig; nirolyo na sa kawali, ayaw pa ring gumising.
Pinasugbo	●	● Isang saging na maporma, napakahilig mambola; nang ligawan ang mantika, naging pritong bola-bola.
Turon	●	● Saging na makulit, panay ang bilad sa init; ayaw magpaawat kahit nag-uuling na ang balat.
Banana Cue	●	● Isang saging na hari, kaharia'y natatangi – gawa sa niyebe at sago, may adorno pang karamelo.
Palikambing	●	● Saging na sirkeron, nagtanghal sa karnabal; sumubo ng tubo, saka sumisid sa arnibal.
Ginanggang	●	● Isang modelong saging, nagpunta sa <i>dermatologist</i> ; ngunit imbis na rumikit, natadtad pa ng puting butlig!

MGA SAGOT SA HANAY B:

1. Turon
2. Palikambing
3. Ginanggang
4. Saging Con Yelo
5. Banana Cue
6. Pinasugbo

## Paumanhin ng Sapin-Sapin

Patawad po  
kung hilig kong lumambitin  
sa hardin ng iyong mga ngipin,  
maglagalag sa gubat ng iyong bagang,  
at sumuksok sa makikipot nitong sulok –  
ikaw tuloy ay nagkabukbok.

Patawad po  
kung ginawa kong bangka  
ang iyong dila, kay sarap sumagwan  
sa munting lawa ng panis na laway  
at sa iyong ngala-ngala ay tahimik na magpiknik –  
namalat tuloy ang iyong tinig.

Patawad po  
kung ako'y nagpalo-sebo  
sa naglalangis mong gilagid,  
ako'y nangunyapit nang napakahigpit  
makuha lang sa tuktok ang premyong tinga –  
sinungitan ka tuloy ng dentista.

Patawad po, patawad po.  
Sa ngalan ng niyog at galapong,  
ng asukal at kondensada,  
ng ube, langka, at mantekilya,  
ako po'y humihingi  
ng taos na pang-unawa't dispensa.

Patawad po, patawad po.  
Kahit na ang totoo po....

Tamad ka lang po kasing magsipilyo.

# **Aming Kakanin sa Araw-Araw**

Kakanin ang agahan  
ng nagmamadaling drayber.

Kakanin ang panghimagas  
ng hapóng construction worker.

Kakanin ang tanghalian  
ng nagtitipid na mekaniko.

Kakanin ang merienda  
ng nagpapahingang bumbero.

Kakanin ang nginangatngat  
ng namimitig na guwardiya.

Kakanin ang pinapapak  
ng abalang manikurista.

Kakanin ang pampatanggal-inip  
ng matandang sapatero.

Kakanin ang pampatanggal-ngitngit  
ng napagalitang tubero.

Kakanin ang pulutan  
ng mga tinderang nagkukuwentuhan.

Kakanin ang hapunan  
ng batang naubusan ng ulam.

Kaya mamang pulis, pakiusap po,  
huwag po sana kaming paalisin dito sa tabing-kalsada.

Napakarami pong umaasa sa aming mga tinda.

# Inandila

Walang dila ang inandila  
ngunit bumubulong ng bugtong  
ang nakatapis nitong  
tamis sa aking labi.

Walang dila ang inandila  
ngunit pumapaswit, umaawit  
ang dinikdik nitong  
latik sa aking bibig.

Walang dila ang inandila  
ngunit waring humahalik  
ang lagkit nito't lasa,  
umaalsa sa aking dila,

parang dumudungaw na balangaw  
sa kabundukan ng Cordillera.

## Tala:

- **Inandila** - sariling bersyon ng 'palitaw' ng mga katutubong Gaddang mula sa Kalinga. Gawa ito sa pinaghalong gata at galapong na binudburan ng latik at asukal. Parang dila ang hugis nito at ibinabalot sa dahon ng saging.
- **Balangaw** - bahaghari.

## Lokot-Lokot

May sorpresa sa 'min si Inang:  
isang espesyal na minindal  
upang ipagdiwang  
ang pagtatapos ng Ramadan.

Umaga pa lang  
ay inihanda na ni Inang  
ang garapon ng galapong  
na pinalapot sa mangkok  
ng tubig at muskobado.

Dahan-dahan  
niya iyong isinalin sa *ulayan*,  
at saka tinaktak nang tinaktak  
ng pantagtag na patpat  
hanggang sa tumagaktak  
sa maliliit nitong butas  
ang manamis-namis na katas;  
paikot-ikot ang báong pansalà  
sa kawaling may kumukulong mantika,  
tila ba sumasayaw ng *tumahik*  
sa saliw ng *kulintang* at *kulaing*.

Gamit ang sandok na *gagawi*,  
itutupi ni Inang ang mga kanto  
ng nalutong galapong;  
irorolyong marahan  
na parang banig na *tennun*  
na hinabi sa antigong *sud dendam*.

Maya-maya pa,  
handang pagsaluhan  
ang ginintuang minindal.

Ay, walang kasingsarap  
ang binilot nitong tamis  
at nirolyo nitong lutong  
pagkaraan ng ilang linggo  
naming pag-aayuno.

**Tala:**

- **Lokot-Lokot** - isang malutong na 'rice noodles' mula sa Mindanao. Parang munting banig ang hugis nito. Karaniwang inihahain tuwing may espesyal na okasyon tulad ng kasal at Eid'1 Fitr.
- **Tumahik** - sayaw sa pakikipagdigma ng katutubong Yakan.
- **Kulintang** - hanay na binubuo ng walong gong na may iba't ibang eskala.
- **Kulaing** - tambol na yari sa bumbong ng kawayan, may butas na pahaba ang biyas, at pinapalo ng patpat.
- **Tennun** - katutubong tela ng katutubong Yakan.
- **Sud Dendam** - mala-suklay na aparatong gawa sa kawayan na ginagamit sa paghahabi ng katutubong Yakan.

## Halò-halò

Halò-halò ang maraming ako,  
depende sa araw o linggo.

Halò-halò ang iba't ibang ako,  
tulad ng halúhalòng paborito ko.

Kung minsa'y tahimik tulad ng pinipig;  
kung minsa'y bungisngis tulad ng mais.

Matigas ang kukote gaya ng kamote;  
minsa'y pabebe gaya ng halayang ube.

Tulad ng garbansos –  
pahangos-hangos, padalos-dalos.

Tulad ng langka –  
padapa-dapa, pahila-hilata.

Gaya ng munggong itim:  
mapanimdim at mapaglihim.

Gaya ng sariwang gatas:  
layás at mapantuklas.

Kung minsa'y gahaman tulad ng gulaman;  
sa aking kakulitan, ika'y mapapa-*letse!* flan.

Pasensya na po kung nakakapunô na parang makapuno;  
paumanhin kung maloko tulad ng nata de coco.

Gaya ng sago, mabilis akong magtampo.  
Gaya ng yelo, kung umiyak ay nakangingilo.

Haaayyy, kung minsan, ako man  
ay nalilito at nahihilo sa iba't ibang ako.

Ngunit sabi ni Nanay,  
halò-halò man ang maraming ako,

tulad ng halúhalòng paborito,  
mahal pa rin niya ako.

## Paano ba Kumain ng Minatamis na Berso?

Madali lang, kaibigang estranghero.

Damputin lang diretso sa bilao.  
Huwag nang kutsarain,  
huwag nang tinidurin,  
huwag nang kumuha ng pinggang babasagin;  
mas malalapas ang sarap  
kapag iyong kakamayin.

Alisin ang balot.

Sa iyong pagkagat,  
nguyaing maigi  
ang malalagkit na taludtod.

Simsiming maigi ang mga latik  
na saknong,  
huwag hayaang sumiksik  
sa ngipi't gilagid  
at baka mabulok,  
magbukbok.

Hinay-hinay sa paglunok.  
Namnamin ang bawat tugma,  
ang bawat ritmo, ang bawat salita.  
Hayaang matunaw ang talinghaga  
at maglawa sa iyong dila –  
lasapin ang krema  
ng mantekilya at haraya;  
masinsing padaluyin  
sa ngala-ngala at hinagap.

Sakaling mapasinghap,  
lumagok lang ng tubig  
at malayang paanurin  
ang ragasa ng linamnam  
ng tulang iyong natikman.

Pagkatapos,  
idighay ang berso't  
paangkasin sa hangin,  
hayaang maglayag  
at maglagalag  
sa malalayong lupain;  
siya'y mapapagod din.

Tingnan mo,  
maya-maya lang ay mahihimbing siyang  
kalong ng bundat na mga ulap,  
yayakagin ng ulan,  
tutulo  
sa  
bubungan,  
lalagapak sa lupa,  
magkakaugat,  
mag-iinat,  
magsasanga,  
lalaking hitik sa kalinga at bunga,  
pagkaraa'y susungkitin,  
titipunin,  
babalatan,  
huhugasan,  
iluluto sa kawa,  
at saka ihahain sa bilao

upang muling  
damputin at tikman  
ng panibagong  
estranghero.

# Mga Minatamis na Taludtod



PANUTO:

Ngayong tapos na akong tumula, ikaw naman ang magiging makata.  
Mula sa garapon ay pumili't gumupit ng mga minatamis na taludtod.  
Idikit at ihain sa pinggan sa ibaba ang iyong nabuong minatamis na tula.  
Kung ilan mang saknong, ikaw na ang bahala.  
Ipatikim sa katabi ang sarap ng iyong katha!

